REPUBLIKA NG PILIPINAS
BAYAN NG TAYTAY
LALAWIGAN NG RIZAL

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

TRUE COPY

BAHAGI NG KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN, TAYTAY, RIZAL, NA IDINAOS NUONG HUNYO 1, 1995, SA SILID PULUNGAN NG PANAHALAANG BAYAN

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Pablo J. Gonzaga | - Pang. Punong Bayan |
| Kgg. Carlos V. Borja | - Konsehal |
| Kgg. Jaime L. Mariano | - " |
| Kgg. Nestor SJ. Naval | - " |
| Kgg. Antonio B. Naval | - " |
| Kgg. Joseph F. Zapeda | - " |
| Kgg. Ceferino D. Pullante | - " |
| Kgg. Andres C. Cruz, Jr. | - ABC President |
| Kgg. Janet D. de Leon | - SK President |

HINDI DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Nolasco V. Reyes, Jr. | - Konsehal |
| Kgg. Filomeno I. Naval | - " |

- - - - - - - - - - -

KAPASIYAHAN BILANG 54

NAGBIBIGAY KARAPATAN SA KAY PUNONG BAYAN GODOFREDO C. VALERA, NA MAKAPASOK SA ISANG KASUNDUAN (TO ENTER INTO A CONTRACT), KAY G. RUFINO BAUTISTA, MAY-ARI NG LUPANG NAG-UUGNAY SA BRGY. SAN ISIDRO AT BRGY. STA. ANA NG BAYANG ITO.

SAPAGKAT, tinalakay sa sesyong ito ng Sangguniang Bayan ang ukol sa lupang pag-aari ni G. Rufino Bautista, na siyang nag-uugnay sa Brgy. San Isidro at Sta. Ana ng bayang ito; at

SAPAGKAT, kinakailangang mabigyan ng karapatan ang ating Punong Bayan upang makapasok sa kasunduan sa may-ari ng nasabing lupa;

DAHIL DITO, matapos ang masusing pag-aaral at pagpapalitan ng mga kuro-kuro, sa mungkahi ni Kon. Antonio B. Naval na pinangalawahan ni Kon. Filomeno I. Naval ay,

PINAGPASIYAHAN, na kagaya ng pagkakapasiya, na bigyan ng karapatan kagaya ng pagkakabigay ng karapatan sa kay Punong Bayan Godofredo C. Valera, na makapasok sa isang kasunduan (to enter into a contract) kay G. Rufino Bautista, may-ari ng lupang nag-uugnay sa Brgy. San Isidro at Brgy. Sta.Ana ng bayang ito;

PINAGPASIYAHAN PA, na ipadala ang sipi ng Kapasiyahang ito sa mga kinauukulan para sa kanilang kabatiran at upang mabigyan ng kaukulang hakbang;

PINAGTIBAY NG LUBUSAN.

PINATUTUNAYAN KO, na ang Kapasiyahang ito ay tunay at siyang katotohanan.

PABLO J. GONZAGA
Pangalawang Punong Bayan
(Tagapamatnugot)

GODOFREDO C. VALERA
Punong Bayan

LEOVIGILDA E. DE BORJA
Board Secretary II
Acting SB Secretary

OFFICE OF THE MUNICIPAL MAYOR
RECEIVED
6-15-95
TAYTAY, RIZAL